# Pitak ng mga [illegible]STA sa puting tabing

SA KASAYSAYAN ng pelikulang Tagalog, si Tessie Quintana, ay mayroon ding maipagmamalaking panahon — panahong matatawag niyang kanya, sapagka't nang panahong iyon, siya ang itinuturing na pinakapopular na bituin, na katambal ng isa pang popular ding bituin: si Armando Goyena.

Kung ilang panahon ding si Tessie Quintana ay nagtago sa ating paningin. Ang akala natin ay kung ano na ang nangyari sa kanya. Libu-libong sulat ang dumating sa istudyo ng LVN, na nagtatanong kung saan naroon si Tessie, kung ano ang nangyari sa kanya, at kung bakit hindi na siya lumalabas.

Bilang pagbibigay sa kahilingan ng libu-libong tagahanga ni Tessie, siya'y muling magpupugay sa madla sa malapit na hinaharap. Siya ay ipinaghahanda ng LVN ng isang kasaysayang angkop na angkop sa kanyang kakayahan.

Alam ba ninyo? Si Tessie ay itinuturing na isa sa lalong maririlag na bituin natin, noon at ngayon. . .





*Si Luis Gonzales, samantalang nakatitig sa isang marikit na larawan ni Gloria. Hanggang sa kasalukuyan, Luis, magtiis-tiis na muna tayo sa larawan. Anong malay natin, baka balang araw, ay...*

—*Ika-22 Labas*—

KAIPALA'Y natatandaan pa ninyo, na, nang itanghal ang "Despatsadora," sa unang araw ng pagtatanghal niyon ay nasa "lobby" kami ng sine, upang lumagda sa mga *autograph book* ng aming mga tagahanga.

Napakaraming tao noon. Tila ibig ko nang mahilo, sapagka't napakatindi ng init. Pinapawisan ako ng malamig. At tila habang tumatagal, ay sumasama ang aking pakiramdam.

Salamat at sumapit din ang oras ng aming pag-uwi. Pero marami pa ring tao. Nahirapan pa rin kaming makipagsiksikan, upang makarating sa aking kotse. Sa pakikipagsiksikan ko, isang matandang babae ang aking nasalubong. Hinawakan agad ako nang mahigpit sa isang kamay, at hinalikan nang hinalikan ang kamay kong hawak niya.

—Iheng, —ang maluha-luhang wika ng matanda, —ang akala ko'y mamamatay ako nang hindi ko makikita ang aking hinahangaang bituin!

Nabagbag ang aking kalooban. Nasabi ko sa sarili, na sa kabila ng katandaan ng babaing iyon, ay nakapagbubukod pa rin ng panahong naiuukol sa isang hinahangaan, nguni't hindi kilalang nilikha.

Hinalikan ko sa noo ang matanda.

—Dumalaw kayo sa amin, para magkausap hu tayong mabuti, —ang nawika ko na lamang.

Nabatid ko sa matanda, na siya'y buhat pa sa malayong lalawigan, at nataon lamang ang pagluwas niya sa Maynila, sa unang araw ng pagtatanghal ng "Despatsadora."

Bago binitiwan ng matanda ang aking kamay, iyon ay mahigpit muna niyang pinisil. May luha na sa kanyang mga mata. Ako nama'y nagpipilit lang ngumiti, nguni't ang totoo'y nagsisikip na rin ang aking dibdib..

MULA nang ako'y pagtutuksuhin tungkol sa asong binili ni Luis Gonzales sa Baguio, na ibinigay niya sa akin, ay hindi ko na tuloy malaro ang asong iyon. Pag nilalaro ko, sasabihing nakikipaglaro daw ako kay Luis. Pag kinarga ko, sasabihing kinakarga ko raw si Luis. Pag pinakain ko, sasabihing ang pinakakain ko raw ay si Luis. Kasi'y Luis ang ipinangalan ko sa aso. Sus, e papano ba naman ang gagawin ko? Sabik na sabik pa naman ako sa aso, sapagka't totoo namang napakaganda. May kaliitan nga lamang, nguni't sadyang gayon naman ang mga asong pambahay...

NAGPASALAMAT ako nang labis, nang mabatid ko kay Dr. Jose Perez, na ang buong pelikulang "Vacacionista," ay doon namin gagawin sa lunsod ng Baguio. Nasabi ko sa aking sarili, na maaga ang bakasyon ko, at ako'y makapagbabakasyon nang walang gaanong gugol.

—Aba, aba, pupunta kayo roon, na hindi mga *bakasyonista*. Pagtungo ninyo roon, ang haharapin ninyo ay trabaho, trabaho, at trabaho! —sabi ni Doc. Gayon nga ang nangyari: ang bakasyon ay nauwi sa trabahong katakut-takot, hanggang sa magkasakit nga ako... Gayunman, talagang ang Baguio ay Baguio, —malamig, walang alikabok, at tahimik na tahimik!

TUWING maaanyayahan ako sa himpilan ng radyo, mayroon




*...ouise Galla, kapatid na ... ni Gloria. Ang larawang ... dala ni Catalina A. Re... urgos, Panggasinan.*





*Makikita sa larawan si Gilbert Galla, bunsong kapatid ni Gloria, na kapiling ang kanilang ikalawang inang si Gng. Gregoria Galla. Ito'y padala rin ni Bb. Catalina A. Reyes, ng Burgos, Panggasinan..*




*Si Gloria Romero, na makikita sa gitna ng larawan, may tandang "X", sa piling ng kanyang mga kamag-aaral, sa Riverview High School, Panggasinan. Ang larawang ito ay padala nina Bb. Zeny at Elsa Enriquez, ng 2855 Felix Huertas, Sta. Cruz, Maynila.*

# [illegible]AYSAYAN NI GLORIA ROMERO

PAGTATAPAT NI GLORIA — SINULAT NI AMADO S. PAGSANJAN

akong isang bagay na kinatatakutan. Pagkatapos ng bahaging aking gagampanan, o kaya'y pagkatapos na kapanayamin ako, sasabihin sa akin ng tagapagbalita, na magsalita ako sa aking mga tagahanga. Sabihin ko raw ang gusto ko. Iyan ang ayaw na ayaw ko. Karaniwan nang ginagawa ng mga tagapakinig, na pagdating sa bahaging iyan, isinasara na ang kanilang radyo, sapagka't iisang pangungusap daw ang kanilang naririnig: ganito raw —"...ang masasabi ko sa inyo ay panoorin ninyo ang aking pelikula... marami pong salamat!"

Kaugnay ng radyo, mayroon pa akong isang bagay na sasabihin sa inyo, na hindi ko na malilimutan. Ito'y naganap din nang minsang maanyayahan akong magtungo sa isang himpilan ng radyo. Mangyari pa, nang dumating ako roon ay napakarami nang mga tagahanga kong nagsisipaghintay sa akin, upang humingi ng larawan, magpalagda ng kanilang mga *autograph book*, o kaya'y makipag-usap sa akin nang personal. Mayroon pa ring nagtitiyagang maghintay doon ng kung ilang oras, upang masilayan lamang ako.

Nang matagal-tagal na ako roon, may isang batang babaing lumapit sa akin. Nagpalagda ng kanyang *autograph book*. Nilagdaan ko naman. Nguni't pagkatapos kong lagdaan, nang makaalis na siya, nagbalik uli siya sa akin, at ang sabi'y mali daw ang pagkakasulat ko sa kanyang pangalan.

—Naku, napakaraming magpapalagda sa akin ngayon. Ang mabuti'y makipagkita ka na sa akin

Sundan sa pahina 89



*Itaas: si Gloria Romero, sa isa pa rin sa maririkit niyang larawan. Kay-ganda ng tanawing makikita, kung sa umaga ay ang ganyang anyo ni Gloria ang ating mamamalas...*

*Sina Gng. Jose Perez at Gloria Romero, sa isa sa masasayang pag-uusap nila. Ang larawang ito ay kuha sa lunsod ng Baguio. Kung tutuusin, mahigit pa sa magkamag-anak ang pagtuturingan nina Gloria at Gng. Perez.*



